ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# WORD NETWORK ASSOCIATION ACTIVITIES: PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO SA FILIPINO NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG

**Christine Amor Balisalisa[1], Missey Kiana A. Dayaganon[2], Christen Eve A. Descaya[3], Zheena Mae T. Martir[4], Sheena Opada[5], Albert P. Siladan[6], Karla O. Reyes[7]**

*[1]ORCID No. 0009-0005-6511-7697*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[2]ORCID No. 0009-0004-3129-1434*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[3]ORCID No. 0009-0000-6170-8422*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[4]ORCID No. 0009-0004-2860-7741*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[5]ORCID No. 0009-0009-6557-9985*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[6]ORCID No. 0009-0004-1118-8907*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*
*[7]ORCID No. 0009-0006-2590-3603*
*Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology*
*Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra18199
**DOI No: 10.36713/epra18199**

## ABSTRAK

*Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang pagiging epektibo ng interbensyong word network association activities sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino. Dagdag pa, ginamit sa pag-aaral na ito ang pre-eksperimental na disenyo upang masuri ang makabuluhang epekto ng interbensyon sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino. Batay sa resulta, lumalabas na ang kabuoang mean sa isinagawang post-test na 126.82 ay higit na mataas sa kabuoang mean ng isinagawang pre-test na 84.39. Nangangahulugan lamang ito na ang interbensyong word network association activities ay may kabuluhang pagbabagong naidulot sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino, sapagkat, lumalabas na ang t-value na may -32.899 at p-value na may < .001 ay mas mababa sa 0.05 na antas ng katiyakan at nangangahulugang ang pag-unlad sa bukabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagkataon, bagkus ay bunga ng interbensyon. Bunsod rito, iminumungkahi ang paggamit ng word network association activities bilang batayan sa pagpapalawak ng bukabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral at pagpapalawak ng mga aktibidad nito. Dagdag pa, higit na pagtuunang pansin ang pagpapakilala sa mga malalalim na salita at gamitin ang iba't ibang panitikan bilang batayan sa nilalaman ng mga aktibidad.*

**MGA SUSING SALITA***: bokabularyong Filipino, pre-eksperimental, word network association activities*

## INTRODUKSYON

Isang mahalagang kasangkapan ang pagkakaroon ng malawak na bokabularyo sa paghubong ng kasanayang pangwika at nakatutulong na maunawaan ang mga pasalita at pasulat na teksto. Taliwas rito, ang kawalan ng sapat na kaalaman sa bokabularyo ay nagdudulot ng kahirapan sa

pakikipagkomunikasyon, paglalahad ng opinyon o kaisipan, pag-unawa sa mga pahayag, at pakikinig sa mga pahayag. Nangangahulugan lamang ito na ang kawalan ng kaalaman sa bokabularyo ay pagkaantala sa pagtamo at pagkatuto ng isang wika ng isang indibidwal (Rosyidah & Giyoto, 2018).

Sa bansang Indonesia, lumalabas na kakikitaan ng kakulangan sa kaalaman sa bokabularyo ang mga mag-aaral sa antas ng sekondarya. Ito ay direktang nakaaapekto sa kanilang kakayahan na makabuo ng komunikasyon o makipagtalastasan sa ibang tao. Partikular na sa pagpapakita ng kakayahang makabuo ng mga makabuluhang pahayag at pagpapakita ng kasanayan sa paggamit ng wika (Mukhlif & Challob, 2021).

Sa Pilipinas, isang hamon ang pagpapaunlad ng bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral sa antas ng sekondarya. Lumalabas sa naging pag-aaral na higit sa bahagdan ng populasyon ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay may mababang antas ng kaalaman sa bokabularyong Filipino; at higit sa kalahating bahagdan rin ng populasyon ng mga mag-aaral na nasa ikasiyam na baitang ay bagsak sa aspektong bokabularyo. Ang mga ito ay naging sanhi sa pagkaantala sa mga gawaing pagsulat ng tula, sanaysay, maikling kwento na mga pangkaraniwang gawain na nasasaklaw ng asignaturang Filipino (Valdez, 2020).

Sa Mataas na Paaralan ng Dona Carmen Soriano (Gabuyan Campus), mababanaag sa mga mag-aaral ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyong Filipino na isang malaking hadlang sa pagtamo sa mga kompetensi na kinakailangang hubugin sa mga mag-aaral. Lalo na at kalimitang nasasangkot ang pagsulat, pagbasa, at pagsasalita bilang mga kasanayang hinuhubog sa larangan ng asignaturang Filipino. Ang kawalan ng malawak na kaalaman sa mga bokabularyong Filipino ay nakaaapekto sa kabuoang performans at gawa ng mga mag-aaral na nagdudulot ng epekto sa kanilang pang-akademikong aspekto.

Ang mga batayang problemang ito ay nagsilbing pangunahing pundasyon sa pagtaguyod na magsagawa ng isang aksyong pananaliksik upang matugunan ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral. Kaugnay rito, nababanaag sa kakayahan ng mga mag-aaral sa mga lokal na pampublikong paaralan sa Pilipinas ang kakulangan ng kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, partikular na sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga salitang Filipino. Ito ay balakid hindi lamang sa ikauunlad ng isang mag-aaral kundi maging sa pakikibahagi sa pagpapayaman ng wikang Filipino.

**Layunin ng Pananaliksik**
Layunin ng pananaliksik na ito na malaman kung paanong ang paggamit ng word network association activities ay isang mabisang interbensyon sa pagtugon sa kakulangan at pagpapalawak sa kaalaman sa bokabularyong Filipino ng mga mga-aaral sa ikasiyam na baitang.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Ano ang resulta ng *pre-test* ng eksperimental na grupo bago naisagawa ang interbensyong *word network association activities?*
2. Ano ang resulta ng *post-test* ng eksperimental na grupo matapos maisagawa ang interbensyong *word network association activities?*
3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo bago at matapos maisagawa ang interbensyong *word network association activities?*

**Haypotesis**
Ang *null hypothesis* na sinukat sa 0.05 na antas na kityakan ay nagsasaad na walang tiyak na ugnayan sa pagitan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang sa bokabularyong Filipino at interbensyong *word network association activities.*

## METODO

**Disenyo**
Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *pre-experimental* na disensyo kung saan gumamit ng *one group pre-test* at post-test na pamamaraan. Binibigyang diin rito ang paggamit ng *pre-test* bilang panimulang gawain na susundan ng interbensyon, at magtatapos sa pagsasagawa ng isang *post-test.* Layunin ng disenyong ito na malaman kung may pagbabagong naganap pagkatapos ng interbensyon sa kakayahan ng mga mag-aaral sa aspektong pangwika, partikular na sa usaping pambokabularyo (Arikunto, 2006).

Ang pre-eksperimental na pananaliksik ay nangyayari bago pa man magsimula ang tunay na eksperimento. Ito ay ginagawa upang matukoy ang epekto ng interbensyon ng mga mananaliksik sa isang grupo ng mga tao. Makatutulong ito upang malaman kung ang paglalaanan ng pera at oras para sa pagsasagawa ng isang tunay na eksperimento ay makabuluhan. Bunsod rito, ang pre-eksperimental na pananaliksik ay isang paunang hakbang upang mapatunayan ang pangangailangan ng interbensyon ng mga mananaliksik (Vocxo, 2021).

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *one-group pre-test* at *post-test* na disenyo na sumunod sa tatlong pangunahing hakbang: (1) ang pag-sasagawa ng *pre-test* sa eksperimental na grupo upang matasa ang lawak ng kanilang kaalaman sa bokabularyong Filipino; (2) ang pagsasagawa ng interbensyon na *word network association activities* bilang pamamaraan sa pagpapaunlad ng bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral; at (3) ang pagsasagawa ng *post-test* na nagsilbing batayan upang matukoy ang pagiging epektibo ng interbensyong ginawa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng makabuluhang pagbabago sa resulta. Kaugnay rito, ang pagbabago sa resulta bago at matapos ang isinagawang interbensyon ay makikita sa paghahalintulad ng kabuoang resulta ng *pre-test* at post-test.

**Lokal ng Pananaliksik**
Isinagawa ang pag-aaral na ito sa *Doña Carmen Soriano National High School (Gabuyan Campus).* Sa paaralang ito ay napansin ng mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay mayroong mababang kaalaman sa bokabularyong Filipino dahilan sa pagsagawa ng pag-aaral at pagbuo ng interbensyon.

**Populasyon at Sampol**
Isang seksyon sa ikasiyam na baitang—ang seksyon Earth, mula sa Mataas na Paaralan ng *Doña Carmen Soriano (Gabuyan Campus)* na naka-enrol sa taong panuruan 2023-2024, ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

nagsilbing eksperimental na grupo at partisipante ng pag-aaral na mayroong tatlumpo't tatlong (33) mag-aaral.

**Instrumento ng Pananaliksik**
Ang instrumento sa pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito ay hango sa pag-aaral ni Valdez (2016) na may pamagat na, "Pagpapalawak ng Talasalitaan sa Pamamagitan ng Word Network sa mga Mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Taong Panuruan 2015 hanggang 2016". Bunsod rito, ang instrumento ng pananaliksik ay nakatitiyak sa pagiging balido at maaasahan.

**Paglikom ng Datos**
Sa pagsasagawa ng pag-aaral, ang mga mananaliksik ay kinakailangang dumaan sa isang kritikal na proseso upang masiguro ang kawastuhan at etikal na aspekto ng papel pananaliksik. Buhat rito, ang mga mananaliksik ay dumaan sa isang masusing proseso sa pagbuo ng pag-aaral.

Una, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng obserbasyon sa pagtukoy sa problema ng mga mag-aaral mula sa *field study session*. Matapos nito, nagsagawa ng *proposal* sa problemang natukoy (kakulangan ng kaalaman sa bokabularyong Filipino ng ikasiyam na baitang) at interbensyong ginawa *(word network association activities)*. Matapos maaprubahan ng lupon ng tagasuri, ang mga mananaliksik ay naglathala ng liham pahintulot para sa punong guro ng *Doña Carmen Soriano National High School (Gabuyan Campus)* upang mapahintulutan kami sa pagsasagawa ng pag-aaral.
Pangalawa, matapos makatanggap ng aprubasyon mula sa punong guro ng paaralan, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng *pre-test* para sa seksyon Earth ng ikasiyam na baitang. Matapos nito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pagwawasto sa mga papel ng mga mag-aaral at nakuha ang mga iskor na nagsilbing batayang mga datos sa pagsusuri.

Pangatlo, matapos ang isinagawang *pre-test*, ang mga mananaliksik ay isinagawa ang interbensyong *word network association activities* kung saan sumailalim sa iba't ibang aktibidad ang mga mag-aaral upang mahubog at mapalawak ang kanilang bokabularyo sa Filipino.

Pang-apat, matapos ang durasyon sa ginawang sesyon ng interbensyon, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng *post-test* sa parehong seksyon sa ikasiyam na baitang upang matasa ang pagiging epektibo ng interbensyong ginawa. Dagdag pa, matapos ang naging pagsusulit, ang mga papel ng mga mag-aaral ay iniwasto at itinala ang mga iskor na kanilang nakuha.

Panghuli, ang mga datos na nakuha sa *pre-test* na naganap bago ang interbensyon at ng *post-test* na naganap matapos ang interbensyon ay sinuri. Ang mga istatestikal na tritment na ginamit aa pag-aaral na ito ay ang *mean* at *paired t-test* na nagsilbing batayan sa pagkuha na makabuluhang pagbabago sa resulta ng ginawang dalawang pagsusulit at kabuluhan ng interbensyong ginawa.

**Pagsusuri ng Datos**
Sa pagsuri ng datos, ang mean ay ginamit upang makuha ang *average score* sa pagtasa sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino, at ginamit ang *paired t-test* upang malaman ang makabuluhang pagbabago ng resulta sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* bago at matapos ang isinagawang interbensyon na *word network association activities*. Higit pa rito, upang masukat ang tumpak na sukat ng lebel ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino, ang talahanayang nasa ibaba ay ginamit:

**Talahanayan 1**
***Range of Mean Percentage***

| *Mean* | Katumbas na Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 121-150 | Napakataas | Ang kaalaman sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay laging naipapakita. |
| 91-120 | Mataas | Ang kaalaman sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay madalas na naipapakita. |
| 61-90 | Katamtamam | Ang kaalaman sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay minsan lang naipapakita. |
| 31-60 | Mababa | Ang kaalaman sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay bihirang naipapakita. |
| 1-30 | Napakababa | Ang kaalaman sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay malimit na naipapakita. |

## MGA RESULTA
### Resulta ng *Pre-Test* bago ang *Word Network Association Activities*
Batay sa Talahanayan 2, ang kabuoang *mean* ng mga iskor ng tatlumpo't tatlong (33) mag-aaral na sumailalim sa *pre-test* bago naisagawa ang interbensyong *word network association activities* ay nagtamo ng 84.39 na may katumbas na deskripsyong "katamtaman". Nangangahulugan ito na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino ay minsan lang naipapakita.

Dagdag pa, ang natamong pinakamataas na iskor ng mga mag-aaral ay nasa isang daang (100) puntos na nakuha ng limang (5) mag-aaral na may kabuoang porsyento na 15.15% mula sa kanilang kabuoang populasyon. Taliwas rito, nasa limampung (50) puntos naman ang natamong pinakamababang iskor na nakuha ng isang (1) mag-aaral na may porsyentong 3.03 % mula sa kabuoang populasyon. Higit pa rito, ang siyamnapung (90)

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

puntos ang naitalang madalas na nakuha ng mga mag-aaral, kung saan siyam (9) na mag-aaral ang nakakuha na may porsyentong 27.27% mula sa kabuoang populasyon ng eksperimental na grupo.

**Talahanayan 2**
**Resulta ng *Pre-Test* Bago ang *Word Network Association Activities***

| ***PRE-TEST*** | ***Frequency*** | ***Percentage*** |
|---|---|---|
| 50 | 1 | 3.03% |
| 55 | 1 | 3.03% |
| 60 | 2 | 6.06% |
| 70 | 1 | 3.03% |
| 75 | 1 | 3.03% |
| 80 | 8 | 24.24% |
| 85 | 1 | 3.03% |
| 90 | 9 | 27.27% |
| 95 | 4 | 12.12% |
| 100 | 5 | 15.15% |
| ***Total*** | **33** | **100.00%** |
| **Kabuoang *Mean*** | | **84.39** |
| **Deskripsyon** | | **Katamtaman** |

**Resulta ng *Post-Test* Pagkatapos ng *Word Network Association Activities***

Batay sa Talahanayan 3, ang kabuoang *mean* ng mga iskor ng tatlumpo't tatlong (33) mag-aaral na sumailalim sa *post-test* pagkatapos maisagawa ang interbensyong *word network association activities* ay nagtamo ng 126.82 na may katumbas na deskripsyong "napakataas". Nangangahulugan ito na ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino ay laging naipapakita.

Dagdag pa, ang natamong pinakamataas na iskor ng mga mag-aaral ay nasa isang daang at apatnapu't limang (145) puntos na nakuha ng isang (1) mag-aaral na may kabuoang porsyento na 3.03% mula sa kanilang kabuoang populasyon. Taliwas rito, nasa siyamnapu't limang (95) puntos naman ang natamong pinakamababang iskor na nakuha ng isang (1) mag-aaral na may porsyentong 3.03 % mula sa kabuoang populasyon. Higit pa rito, ang isang daan at dalawampu't limang (125) puntos at isang daan at tatlumpo't limang (135) puntos ang naitalang puntos na madalas na nakuha ng mga mag-aaral. Ang bawat puntos ay may tigpipitong (7) mag-aaral na nakakuha, at kaparehong nakakuha ng porsyentong 21.21% mula sa kabuoang populasyon ng eksperimental na grupo.

**Talahanayan 3**
**Resulta ng *Post-Test* Pagkatapos ng *Word Network Association Activities***

| ***POST-TEST*** | ***Frequency*** | ***Percentage*** |
|---|---|---|
| 95 | 1 | 3.03 % |
| 100 | 1 | 3.03% |
| 115 | 5 | 15.15% |
| 120 | 2 | 6.06% |
| 125 | 7 | 21.21% |
| 130 | 5 | 15.15% |
| 135 | 7 | 21.21% |
| 140 | 4 | 12.12% |
| 145 | 1 | 3.03% |
| ***Total*** | **33** | 100.00% |
| **Kabuoang *Mean*** | | **126.82** |
| **Deskripsyon** | | **Napakataas** |

**Makabuluhang Pagkakaiba ng Resulta ng *Pre-Test* at *Post-Test* Pagkatapos ng Sesyon ng *Word Association Network Activities***

Sa pagsusuri sa Talahanayan 4, ang naging resulta para sa isinagawang *pre-test* at *post-test* ay nagpakita ng makabuluhang pagbabago hinggil sa kaalaman ng mga mag-aaral na parte ng ekspiremental na grupo sa bokabularyong Filipino.

Nakalahad sa Talahanayan 4 na ang kabuoang *mean* sa isinagawang *post-test* na 126.82 ay higit na mataas sa kabuoang *mean* ng isinagawang *pre-test* na 84.39. Nangangahulugan lamang ito na ang interbensyong *word network association activities* ay may kabuluhang pagbabagong naidulot sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino. Dagdag pa, batay rin sa naging istatestikal na resulta—ang *t-value* na may -32.899 at *p-value* na may < .001 ay mas mababa sa 0.05 na antas ng katiyakan (α = 0.05). Ito ay taliwas sa paunang haypotesis na nabuo na nagsaad na walang ugnayan sa pagitan ng interbensyong *word network association activities* at kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino, bagkus nagpakita ito na mayroong ugnayan sa pagitan ng interbensyon at antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino. Nangangahulugang lamang ito na ang pag-unlad sa bukabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagkataon, bagkus bunga ng interbensyon at hindi lamang pahapyaw na pagakakataon.

**Talahanayan 4**

**Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test* at Post-test Matapos ang *Word Network Association Activities***

| *Type of Test* | *N* | *Df* | *Mean* | *SD* | *t-value* | *P-value* | *Decision* $\alpha = 0.05$ |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| *Pre-Test* | 33 | 32 | 84.39 | 13.27 | -32.899 | < .001 | *Significant* |
| Post-Test | 33 | | 126.82 | 11.31 | | | |

## DISKUSYON

### Resulta ng *Pre-Test* ng mga Mag-aaral Bago ang *Word Network Association Activities*

Batay sa naging resulta ng pag-aaral ang naging resulta para sa *pre-test* ay mayroong deskriptibong katumbas na "katamtaman". Ito ay nangangahulugang na ang kaalaman sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay minsan lang naipapakita. Kaugnay rito, nangangahulugan lamang na kinakailangan pa ring palawakin ang kanilang bokabularyo nang sa gayon ay higit pang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa gamit ng wikang Filipino.

Dagdag pa, ang naging resulta para sa *pre-test* ay masasalamin din sa pag-aaral nina Guadna et al. (2023), kung saan binigyang diin nila na bagama't mayroong kaalaman ang mga mag-aaral sa bukabularyong Filipino, hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng kalituhan sa gamit nito. Partikular na sa tunay na kahulugan ng isang salita at tamang paggamit nito. Ito ang naging dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ay may kakulangan sa kaalaman sa isang wika.

Bukod rito, sumasalamin din sa pag-aaral ni Abueva (2022), na ang kakulangan sa kaalaman sa bokabularyong Filipino ay isa sa suliranin ng mga Pilipino. Binigyang diin niya na bagama't ito ay direktang sinasalita ng mga tao, ang kaalaman sa tamang gamit nito at kahulugan ay isang suliranin sa ganap na pagkatuto. Bunsod rito, ang kakayahang umunawa ng tao ng isang mensahe ay mayroong pagkaantala na maaaring magdulot sa pagkawala ng pag-unawa sa totoong diwa ng pahayag.

Kaugnay rito, inilahad ni Widiastuti (2021), na ang kakulangan ng kaalaman sa bokabularyo ng isang wika ay sumasalamin sa kakulangan ng kakayahan ng isang tao sa pakikipagkomunikasyon. Binigyang diin niya na ang ganap na pagkatuto sa wika ay nagsisimula sa pinakamaliit yunit hanggang sa pinakamalaking aspekto nito. Bunsod rito, ang mga mag-aaral na may kakulangan sa aspektong pambokabularyo ay nangangapa rin sa aspektong pangkomunikasyon.

Higit rito, inilahad naman nina Simatupang at Derin (2020), na ang bokabularyo ay koleksyon ng mga salita na may kasamang kahulugan. Ito ang pundayson sa kahusayan sa paggamit ng wika ng mga mag-aaral. Ang kakulangan na mapunan ang pundasyong ito ay magdudulot ng agwat sa pagitan ng pagtamo ng epektibong paggamit ng wika at kakayahang umunawa.

### Resulta ng *Post-Test* ng mga Mag-aaral Matapos ang *Word Network Association Activities*

Batay sa naging pag-aaral ang naging resulta para sa *post-test* ay mayroong deskriptibong katumbas na "napakataas". Ito ay nangangahulugang na ang kaalaman sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral ay laging naipapakita. Samakatuwid, ang naging resulta ay nagpakita ng isang makabuluhang epekto nang isinagawang interbesyon na layuning mapalawak ang bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral.

Kaugnay rito, ang resulta ay sumasalamin sa pag-aaral ni Marianca et al. (2020), kung saan ang paggamit ng *word network association activities* ay naging isang mabisang interbensyon upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Lumalabas na ang naging *mean score* ng *post-test* na 81.60 ay higit na mataas kung ihahalintulad sa 46.04 na mean score para sa *pre-test*. Ang resultang ito ay malinaw na sumusuporta sa ideya na ang pagpapatupad ng mabisang interbensyon tulad ng mga estratehiya sa *word network association* ay makabuluhang nagpapabuti sa pagkuha ng bokabularyo ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, binigyang diin nina Reao et al. (2022), na ang pakikilahok sa mga gawaing *word network association activities* ay nakatutulong upang mapayaman ang bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng *pre-test* at *post-test* ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng bisa ng ganitong mga aktibidad. Ipinapakita ng pag-aaral na ito ang bisa ng pagdaragdag ng aktibidad sa

pagkatuto ng mga salita ay mahalaga sa pagpapaunlad ng matibay na bukabularyo ng mga mag-aaral.

Bukod rito, binigyang diin rin nina Shabaneh at Farrah (2019), na ang integrasyon ng interaktibong aktibidad sa pagkakaroon ng bokabularyo sa wika ay isang epektibong pamamaraan. Nakatutulong ito upang masaisip ng mga mag-aaral ang mga salita, mabigyang konstruksyon ang mga detalye, at mahubog ang paggamit sa wika at kakayahan sa pakikipagkomunikasyon. Dagdag pa, iminumungkahi nila na sa pamamagitan nito ang lawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay higit na mapapalawak.

Higit rito, binigyang diin rin ni Ketola (2019), na ang *word network association activities* ay isang epektibong paraan sa pagpapalawak ng bokabularyo sa wika ng mga mag-aaral dahil sa pagkakaroong nito ng aktibong aspektong pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral. Dagdag pa, inilahad rin niya na ang pagkakaroon ng pagkukusa ay nakatutulong upang maging makabuluhan ang pagkatuto na nakatutulong upang maging matagumpay ang pagtamo ng pagpapalawak sa bokabularyo ng mga mag-aaral. Samakatuwid, ang *word network association* na paraan sa pagkatuto kasama ang interaktibong aktibidad ay isa sa pundasyon sa paghubog ng kahusayan ng mga mag-aaral sa wika.

**Makabuluhang Pagkakaiba ng *Pre-test* at *Post-test* Matapos ang *Word Network Association Activities***

Batay sa naging resulta ng pag-aaral, ang kabuoang *mean* sa isinagawang *post-test* na 126.82 ay higit na mataas sa kabuoang mean ng isinagawang *pre-test* na 84.39. Nangangahulugan lamang ito na ang interbensyong *word network association activities* ay may makabuluhang pagbabagong naidulot sa kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyong Filipino. Dagdag pa, batay rin sa naging istatestikal na resulta—ang *t-value* na may -32.899 at *p-value* na may < .001 ay mas mababa sa 0.05 na antas ng katiyakan ($\alpha = 0.05$). Ito ay nangangahulugang na mayroong ugnayan sa pagitan ng interbensyon at antas ng kaalaman sa bokabularyong Filipino ng mga mag-aaral; at nagpapakita na ang pag-unlad sa bukabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay hindi lamang nagkataon, bagkus ay bunga ng interbensyon at hindi lamang pahapyaw na pagakakataon.

Kaugnay rito, ang naging resulta ay sumasalamin sa naging pag-aaral ni Villaganas (2023), kung saan binigyang diin niya na ang pagkakaroon ng interbensyon gamit ang *word network association activities* ay isang epektibo sa pagdudulot ng positibong pagkakaiba sa bokabularyo ng mga mag-aaral mula sa isinagawang *pre-test* at *post-test*. Inilahad niya na matapos ang interbensyon, ang kabuoang *mean* na porsyento ng mga iskor sa *pre-test* na 63.67 ay umabot ng 84.07 sa naging sesyon ng *post-test*. Nagpapakita lamang ito na mula sa "katamtamang" antas ng mga mag-aaral ay naging *satisfactory* na ito.

Dagdag pa, lumalabas din sa naging pag-aaral ni Al Dulaimi (2022), na ang paggamit ng *word association activities* ay nagdulot ng kaunlaran sa bokabularyo sa wika ng mga mag-aaral. Inilarawan niya na matapos ang naging interbensyon ang kabuoang *mean* na porsyento ng mga iskor ng 125 na mag-aaral ay nagresulta ng makabuluhang pagkakaiba. Bunsod rito, binigyaan diin niya na sa tulong ng interbensyong ito natutulungan nito ang mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kumpyansa sa sarili na nagtutulak upang maging aktibo sila sa pakikilahok dahilan upang mapaunlad ang kanilang bokabularyo.

Bukod pa rito, sumasalamin din ang resulta ng pag-aaral na ito sa naging pag-aaral ni Hakim (2019), kung saan inilalahad niya na ang word network association ay isang epektibong paraan upang mahasa ang kaalaman ng mga mag-aaral sa bokabularyo ng isang wika. Inilahad niya na sa naging *pre-test* ng pag-aaral, lumalabas na nasa 63% ang naging *average score* ng mga mag-aaral mula sa 70% na *standard* na *passing level*. Matapos ang naging interbensyon at pagsasagawa ng *post-test*, ang naging *average score* ng mga mag-aaral ay umabot ng 73% na kung ihahalintulad sa paunang pagsusulit at *passing level* ay nakahihigit sa porsyento—nangangahulagan lamang na ang naging interbensyon ay epektibo at makabuluham.

Higit pa rito, binigyang diin naman nina Qomariyah at Nafisah (2020), na ang word network association activities ay epektibo paraan upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral sa wika. Inilahad rin nila na ang pamamaraan ito ay nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral na nakatutulong upang mapagtagumpayan at matamo ang layunin ng interbensyon. Ito rin ang magsisilbing paunang daan upang magtamo ng kahusayan sa paggamit ng wika ang mga mag-aaral.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mean na nakuha mula sa kasagutan ng mga mag-aaral mula sa ikasiyam na baitang sa *pre-test* ay nakakuha ng katamtaman na nagpapahiwatig na kinakailangan talagang pagtuunan ng pansin ang pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral hinggil sa wikang Filipino. Ang resultang ito ay nangangahulugan na kinakailangan ang pagsasagawa ng interbensyon upang mapangasiwaan ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Bunsod rito, isinagawa ng mga mananaliksik ang *"word network association activities"* bilang isang interbensyon sa problemang umusbong.

Kaugnay rito, matapos maisagawa ang interbensyon at pagsagawa ng *post-test*, nakalahad ang pagbabago sa naging resulta ng *mean* ng porsyento ng mga iskor. Mula sa paunang deskripsyon nito na "katamtaman" ay naging "napakataas" bilang deskripsyon sa ginawang huling pagsusulit. Nagpapakita ito ng makabuluhang pagbabago na sumasalamin sa pagiging epektibo nang isinagawang interbensyon.

Higit rito, nangangahulugan na ang *"word network association activities"* ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Batay sa resulta mula sa naging *pre-test* at *post-test*, mayroong makabuluhang pagkakaiba sa resulta na nagpapatibay sa pagiging epektibo ng interbensyon na naging dahilan upang matugunan ang problemang umusbong kasangkot ang mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang.

## REKOMENDASYON

Sa naging durasyon ng pag-aaral, lumalabas na *ang "word network association activities"* ay epektibo sa pagpapalawak ng bokabularyo sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang batay sa resulta mula sa naging *pre-test* at *post-test*. Ang pagsasagawa nito bilang paraan sa pagpapalawak ng bokabularyo ay isang adbentahe upang mapaunlad ang mga mag-aaral.

Dagdag pa, ang higit na pagpapalawak sa mga makabuluhang aktibidad na ilalapat sa proseso *ng word network association* ay isang mabisang paraan upang mapalalim ang pagkuha sa interes ng mga mag-aaral. Ito ang magsisilbing pundasyon upang mapanatili at mas maging aktibo ang mga mag-aaral sa sesyon ng interbensyon.

Kaugnay rito, ang paggamit sa mas malalalim at matatalinghagang salita bilang salik ng interbensyon ay mahalaga upang mapalalim ang bokabularyo ng mga mag-aaral lalo na sa paggalugan sa mga pampanitikang Pilipino na kaakibat sa pagkatuto ng wikang Filipino.

Higit rito, pagtuunang pansin ang paggamit ng mga panitikan bilang batayan sa pagpili at paggamit ng mga salita bilang salik sa interbensyon. Ang panitikang Pilipino ay mayaman sa matatalinghaga at isa sa esensya sa pagkatuto ng wika. Ang paggamit nito bilang salik sa pagpapalawak ng bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral ay isang makabuluhang pagganap sa pagsulong sa kaunlaran n gating sariling wika.

Panghuli, para sa mga mananaliksik, mas mainam na mag-isip pa ng iba't ibang estratehiya bilang pagpapaulad at pagpapalawak sa bokabularyo sa Filipino ng mga mag-aaral at huwag lamang magpokus sa kung ano ang naipasatupad ng pananaliksik na ito. Hangga't maaari, ang mga gawaing isasatupad ay nakaangkla sa kakayahan at kognitibong antas ng mga mag-aaral kasangkot ang iba't ibang aspekto ng wikang Filipino.

## TALASANGGUNIAN

1. *Abueva, M. (2022). Mga suliranin ng guro sa pagtuturo ng Filipino. Research Gate.*
2. *Agoncillo Jr, R. B. (2024). Hugnayang kognitibo: pagtatala at pagsusuri sa proseso ng pagbuo ng kagamitang panturo sa Filipino gamit ang instruksiyon sa Telebisyon-DepEd TV.*
3. *Al-Dulaimi, A. (2022). The impact of word map activities on primary school students' vocabulary achievement. Research Gate.*
4. *Arikinto, S. (2006). Procedure penelitan, suatupendekatonpraktic rineka cipta, Jakarta.*
5. *Buslon, J. B., & Alieto, E. O. (2019). Lexical inferencing strategies and reading comprehension in English: A case of ESL third graders. Online Submission, 22(1), 72-94.*
6. *Colendra, R. C., & Carada, I. G. (2023). Gamification tools in teaching Filipino subject and reading comprehension. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(8), 72-80.*
7. *Creswell. (2012). Experimental and quasi-experimental designs. Management Research Methods, 33-44. https://doi.org/10.1017/cbo9780511810527.003*
8. *De Deyne, S., Navarro, D. J., Perfors, A., Brysbaert, M., & Storms, G. (2019). The "small world of words" English word association norms for over 12,000 cue words. Behavior Research Methods, 51, 987-1006.*
9. *Guadna, E., Lapitan, M., Lazaga, E., & Gandeza, C. (2023). Hanap-salita: pagpapayaman ng bokabularyo ng mga mag-aaral ng Ilocos Sur Polytechnic State College-Laboratory High School. Amburayan Research Journal, 1(1).*
10. *Guinto, L. E. (2023). Enriched vocabulary-video lessons of literary works and vocabulary expansion. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(8), 107-119.*
11. *Hakim, L. (2019). Improving students' vocabulary through word mapping technique. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 257, 153-156.*
12. *Ketola, J. (2019). The effectiveness of using puzzles in developing Palestinian tenth graders' vocabulary achievement and retention. Humanities and Social Sciences, 1(1), 46-57. doi:10.11648/j. hss20130101.16*
13. *Mills, G. E. (2003). Action research: A guide for the teacher researcher. Merrill.*
14. *Mukhlif, M. I., & Challob, A. I. (2021). Enhancing vocabulary knowledge among secondary school EFL students by using Facebook. Turkish Online Journal of Distance Education, 22, 293-309.*
15. *Pabellano, M. T., & Carada, I. G. (2023). Localized storyboard of Tayabasin texts and level of reading comprehension and vocabulary enrichment. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 9(8), 120-133.*
16. *Pranoto, B. E., & Afrilita, L. K. (2019). The organization of words in mental lexicon: Evidence from word association test. Teknosastik, 16(1), 26-33.*
17. *Qomariyah, S., & Nafisah, B. (2020). Word mapping in students' vocabulary mastery. Journal of English Language Teaching, 7(1), 31-40. doi: https://doi.org/10.33394/jo-elt.v7i1.273*
18. *Realo, J., Salvador, A., Sonajo, G., Tagata, V., Vidad, N., & Cristobal, J. (2022). Improving the grade 8 students' vocabulary skill through localized game-based activities. American Journal of Arts and Human Science, 1(2), 40-45. https://doi.org/10.54536/ajahs.v1i2.321*

19. *Rosyidah, M. T. L., & Giyoto, H. (2018). Teaching vocabulary for the second-grade students of SMP Aislam. ERIC.*
20. *Sardegna, V. G., & Dickerson, W. B. (2023). Improving the pronunciation of English polysyllabic words through orthographic word-stress rules. In English pronunciation teaching: Theory, practice and research findings (pp. 81-97).*
21. *Shabaneh, Y., & Farah, M. (2019). The effect of games in vocabulary retention. Indonesian Journal of Learning Instruction, 2, 79-90. doi:10.25134/ijli. v2i01.1687*
22. *Valdez, E. (2020). Pagpapalawak ng talasalitaan sa pamamagitan ng association o word network ng mga mag-aaral. Philippines Journal of Linguistics.*
23. *Viera, R. T. (2018). Vocabulary knowledge in the production of written texts: A case study on EFL language learners. Philippines Journal of Linguistics, 30(3), 89-105.*
24. *Villaganas, R. (2023). Utilizing vocabulary word mapping as a remediation strategy in improving vocabulary level among grade 6 students-Newton students. Asia Call Online Journal, 14(2), 80-97. doi: https://doi.org/10.54855/acoj.231426*
25. *Voxco. (2021). Understanding pre-experimental research design. ERIC.*